**FDA ADVISORY**
No. 2023-1843-A

04 AUG 2023

**PARA : SA LAHAT NG *HEALTHCARE PROFESSIONALS* AT SA PUBLIKO**

**PAKSA : Babala sa Publiko tungkol sa Paggamit ng mga sumusunod na Beripikadong Pekeng Gamot na:**

1. **Ibuprofen/ Paracetamol (Alaxan®FR) 200 mg / 325 mg Capsule**
2. **Phenylephrine Hydrochloride/ Hydrochloride / Chlorphenamine Maleate / Paracetamol (Decolgen®Forte) 25 mg/ 2mg/ 500 mg Tablet**
3. **Aluminum Hydroxide / Magnesium Hydroxide / Simeticone (Kremil-S®) 178 mg / 233 mg / 30 mg Chewable Tablet**

---

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng mga sumusunod na beripikadong pekeng gamot:

**TUNAY/ *AUTHENTIC***






**PEKE/ *COUNTERFEIT***






**Peke/ *Counterfeit*** – Ang *lot number*, kapsula, *knurling*, at *print appearance* ay hindi tugma sa rehistradong gamot.

Larawan 1. Paghahambing sa Tunay/*Authentic* at Peke/*Counterfeit* na Ibuprofen/ Paracetamol (Alaxan®FR) 200 mg / 325 mg Capsule (Lot No. 23860561)

**TUNAY/ *AUTHENTIC***




**PEKE/ *COUNTERFEIT***




**Peke/ *Counterfeit*** – Ang *lot number*, tableta, *knurling*, at *print appearance* ay hindi tugma sa rehistradong gamot.

Larawan 2. Paghahambing sa Tunay/*Authentic* at Peke/*Counterfeit* na Phenylpropanolamine Hydrochloride / Chlorphenamine Maleate / Paracetamol (Decolgen®Forte) 25 mg/ 2mg/ 500 mg Tablet (Lot No. 52335287)

**TUNAY/ *AUTHENTIC***




**PEKE/ *COUNTERFEIT***




**Peke/ *Counterfeit*** – Ang *lot number*, *knurling*, at *print appearance* ay hindi tugma sa rehistradong gamot.

Larawan 3. Paghahambing sa Tunay/*Authentic* at Peke/*Counterfeit* na Aluminum Hydroxide / Magnesium Hydroxide / Simeticone (Kremil-S®) 178 mg / 233 mg / 30 mg Chewable Tablet (Lot No. U022986)

Ang lahat ng healthcare professionals at publiko ay binabalaan tungkol sa paglipana ng nasabing pekeng gamot sa merkado na maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng mga gagamit nito. Ang publiko ay pinapaalalahanan ring bumili lamang sa mga establisyementong lisensyado ng FDA.

Gayundin, ang lahat ng establisyemento ay binabalaang huwag magbenta ng pekeng gamot na nagtataglay ng mga nasabing katangian. Ang pagaangkat, pagbebenta at pamamahagi nito ay paglabag sa Republic Act No. 9711 or the Food and Drug Administration Act of 2009, and Republic Act No. 8203 or the Special Law on *Counterfeit* Drugs. Ang sino mang mapatunayang nagbebenta ng nasabing pekeng produkto ay mapaparusahan.

Hinihiling sa lahat ng Local Government Units (LGUs) and Law Enforcement Agencies (LEAs) na tiyaking ang pekeng produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaring mag-email sa **info@fda.gov.ph**. Upang mag-report ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga pekeng gamut, mag-email sa **ereport@fda.gov.ph**, o mag-report gamit ang aming online reporting facility, **eReport**, sa **www.fda.gov.ph/ereport**. Maaari ring tumawag sa Center for Drug Regulation and Research sa numerong (02) 8809-5596. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamut,
i-report agad sa FDA gamit ang link na ito: **https://primaryreporting.who-umc.org/Reporting/Reporter?OrganizationID=PH** at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon

**DR. SAMUEL A. ZACATE**
Director General

DTN: 20230731082247